Republika ng Pilipinas
(Republic of the Philippines)
MINISTRI NG EDUKASYON, KULTURA AT ISPORTS
(MINISTRY OF EDUCATION, CULTURE AND SPORTS)
Maynila

Enero 30, 1987

MEMORANDUM PANGMINISTRI
Blg. 20, s. 1987

IKALABING-ANIM NA PAMBANSANG GAWAING-KAPULUNGAN SA FILIPINO

Sa: Mga Direktor ng Kawanihan
Mga Direktor ng Rehiyon
Mga Tagapamanihala ng mga Paaralan
Mga Pangulo ng mga Pang-estadong Kolehiyo at Unibersidad
Mga Pinuno ng mga Pribadong Paaralan, Kolehiyo at Unibersidad

1. Ang ika-16 na Pambansang Gawaing-Kapulungan sa Filipino, sa pagtataguyod ng Kawanihan ng Edukasyong Elementarya, Kawanihan ng Edukasyong Sekundarya, Kawanihan ng Lalong Mataas na Edukasyon, Surian ng Wikang Pambansa, Sangay ng Cavite, Sangay ng Lungsod ng Cavite at ng Pambansang Samahan ng mga Tagamasid ng Pilipino (PASATAP), ay idaraos sa Abril 6-8, 1987 sa Development Academy of the Philippines (DAP), Lungsod ng Tagaytay.

2. Ang paksang-diwa ng gawaing-kapulungan ay "Ang Wikang Filipino sa Edukasyon ng Bansa ayon sa Konstitusyon."

3. Pagkatapos ng gawaing-kapulungan, inaasahang ang mga dadalong kinatawan ay:

a. lubos na makaunawa sa mga implikasyon sa edukasyon ng mga probisyong pangwika sa Konstitusyon ng Pilipinas na nagtatakda sa Filipino bilang wikang pambansa, midyum ng pagtuturo sa mga paaralan;

b. makapagtakda ng iba't ibang istratehiyang pang-impormasyon sa paghahatid, pagpapaunawa at pagtuturo ng mga implikasyon sa edukasyon ng nasabing mga probisyong pangwika ng Konstitusyon; at

k. makapaghanda ng mga mungkahing pamamaraan sa lalong mabilis at mabisang paglinang, pagtuturo, pagmamasid at pagpapalaganap ng Filipino batay sa mga problema sa kani-kanilang mga paaralan, kolehiyo, unibersidad, sangay at rehiyon.

4. Ang lahat ng mga kinatawan ng mga kawanihan at tanggapang sentral ng MECS, mga panrehiyon at pansangay na tagamasid at tagapag-ugnay sa Filipino, ang mga puno ng kagawaran ng Filipino o sinumang hihirangging kinatawan sa mga paaralang sekundarya, kolehiyo at unibersidad na pang-estado at pribado, mga superbisor ng iba't ibang asignaturang itinuturo sa Filipino, mga miyembro ng Kapisanan ng mga Propesor sa Pilipino (KAPFIL), gayundin ang mga dating superbisor/ tagapag-ugnay sa Pilipino na kasalukuyang nakatalaga sa iba't ibang katungkulan at ang mga nagretiro na, at ang mga guro, instruktor/

propesor na nagtuturo ng Pilipino at ng iba pang asignaturang itinuturo sa pamamagitan ng Pilipino ayon sa Patakarang Edukasyong Bilinggwal, ang dapat dumalo sa kapulungang ito at mga puno ng mga laboratory schools.

5. Mangyaring ipahanda at ipadala sa mga dadalong kinatawan ang mga sumusunod:

a. Talaan ng mga unikong salita at pahayag na sa palagay nila'y hindi angkin ng iba pang wikang katutubo maliban sa kanilang katutubong wika sa rehiyon o sangay. Hal.: ulog (trial marriage) ng Igorot, bana (husband) ng Sebwano at Ilonggo, ramadan (fasting) ng Arabe, pinakbet ( a kind of recipe) ng Ilokano, atb.

b. Koleksiyon ng mga literaturang katutubo sa kani-kanilang sangay/rehiyon na naglalahad o naglalarawan ng unikong kultura o buhay o pagpapahalaga (values) sa kanilang lugar;

k. Talaan ng mungkahing mga pamagat ng saliksik o pag-aaral na maaaring isagawa sa kanilang paaralan/unibersidad, sangay o rehiyon na may kinalaman sa pagtuturo, pagmamasid, paglinang, pagpapayaman, at pagpapalaganap ng wikang Pilipino.

d. Mga sanggunian o babasahin sa mga paksa o lawak na tatalakayin ng gawaing-kapulungan.

6. Sapagkat limitado ang reserbasyon sa DAP, mangyaring ipasagot sa mga dadalong kinatawan ang kalakip na papel ng pagrerehistro at ipabalik sa o bago dumating ang Marso 12, 1987 kay:

G. Lamberto E. Gabriel
Pangulo ng PASATAP
S/p Kawanihan ng Edukasyong Sekundarya
MECS, Palacio del Gobernador
Intramuros, Maynila

Ang postmark ay hindi dapat lumampas sa Marso 12, 1987.

7. Manggagaling sa pondong lokal na sasailalim ng pagtutuos at pag-awdit ang ibabayad ng bawat kinatawan na ₱1,250.00 para sa mga sumusunod:

| | | |
|---|---|---|
| ₱ 250.00 | - | Rehistrasyon |
| 100.00 | - | Bag |
| 900.00 | - | Pagkain at akomodasyon |

Bukod dito, manggagaling din sa pondong lokal ang halagang magugugol sa transportasyon ng kinatawan patungo sa DAP, Lungsod ng Tagaytay at pabalik sa sariling paaralan, sangay, o rehiyon.

(LGD.) LOURDES R. QUISUMBING
Minister

Kalakip: Gaya ng nasasaad
Sanggunian: Memorandum Pangministri: Blg. 17, s. 1985
Pamamudmod: 1-2-3-4--(M.O. 1-87)
Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

COMMUNICATION ARTS SEMINARS SOCIETY or ASSOCIATIONS WORKSHOP

BALANGKAS NG TENTATIBONG PROGRAMA
(Tatlong Araw o 40 Oras)

Unang Araw, Abril 6, 1987

Umaga:

Rehistrasyon

Pambukas na Palatuntunan

Oryentasyon

Lektyur: "Mga Layuning Pangwika at Pang-edukasyon ng Konstitusyon"

Hapon:

Lektyur: "Reoryentasyon sa mga Istratehiya ng Pagtuturo at Pagmamasid, Pagpapayaman at Pagpapalaganap ng Filipino Ayon sa Konstitusyon"

Gawaing-kapulungan

Paglalahad ng mga suliranin sa mga sumusunod na lawak:

1. Bokabularyo
2. Literatura
3. Pagpapalaganap
   Pananaliksik
4. Pagtuturo
5. Pagmamasid

Pagpapatuloy ng gawaing-kapulungan

Ikalawang Araw, Abril 7, 1987

Umaga:

Pagpapatuloy ng Paglalahad ng mga Suliranin at Mungkahing mga Istratehiya sa Iba't Ibang Lawak

Klasipikasyon ng mga Inilahad na Suliranin at Istratehiya sa Pagtuturo at Pagmamasid, Paglinang at Pagpapalaganap ng Filipino.

Hapon:

Paghahanda ng Programa ng Isasagawang mga Hakbang (Action Program) kaugnay ng mungkahing mga kalutasan sa mga suliranin sa bawa't rehiyon at mga dibisyon at paaralan na sakop nito na isinasaalang-alang ang mga sumusunod: 1) bagong patnubay sa ispeling ng Filipino, 2) unikong bokabularyo ng bawa't wikang rehiyonal, 3) unikong literatura sa bawa't rehiyon, 4) pagsasalin ng mga nabanggit na literatura sa Filipino, 5) mungkahing mga saliksik o pag-aaral tungkol sa administrasyon, superbisyon, pagtuturong pangwika, komparatibong pagsusuri sa wika/literatura, 6) resulta ng sarbey sa edukasyong bilinggwal, atb.

Gabi:

Gabi ng Parangal PASATAF

Ikatlong Araw, Abril 8, 1987

Umaga:

Pagpapatuloy ng Paghahanda ng Programa ng mga Isasagawang Hakbang (Action Program)

Hapon:

Paglilinaw sa mga Suliranin

Pag-uulat ng mga Natapos na Action Program

Paglalahad ng Ebalwasyon

Pagpapatibay ng mga Resolusyon

PALATUNTUNAN NG PAGTATAPOS

## Mga Lawak

### Lawak I - Bokabularyo

Tagapangulo: Lorenza V. Abellera

Mga Kagawad:
- Araceli Magaligod
- Leonida Villanueva
- Eugenia Lopez
- Natividad Lecambra
- Corazon C. Santos
- Virginia R. Malapit
- Teresita Aballe
- Paz M. Lazaro

### Lawak II - Literatura

Tagapangulo: Dr. Ruth E. Mabanglo

Mga Kagawad:
- Aurora Batnag
- Clemencia Espiritu
- Feliciana Aquino
- Rosario Dizon
- Lilia S. Tona
- Hilarion C. Hernandez
- Erlinda Manapor
- Amelita Dapar

### Lawak III - Pagpapalaganap

Tagapangulo: Dr. Paz M. Nicasio

Mga Kagawad:
- Dr. Leonora Guerrero
- Dr. Marciana Bareleng
- Benilda A. Salinas
- Manuel Z. Isagan
- Pilar Quinan
- Alberto S. Lauang
- Belinda Santos

### Lawak IV - Pagtuturo

Tagapangulo: Natalia A. Baltazar

Mga Kagawad:
- Jovita G. Serdoncillo
- Delilah T. Villa
- Nenita Papa
- Rita L. Jimenez
- Lucila Dominguez
- Avelina E. Egina
- Greta Estrella
- Esmeralda Ferrer

### Lawak V - Pagsasaliksik

Tagapangulo: Ester R. Madriaga

Mga Kagawad:
- Lucy D. Eleazar
- Adelaida Acuña
- Patria Cruz
- Corazon Magbaleta
- Erlinda Miranda
- Beatriz A. Dongui-is
- Evelyn S. Tupas
- Jesusita L. Opano

## Lupon ng Tagapayo

| | |
|---|---|
| Dr. Emperonza A. Gonzalez | Gng. Fermina C. Gatal |
| Dr. Juanita S. Guerrero | Dr. Moises Simbulan |
| Dr. Nilo L. Rosas | |
| Dr. Bonifacio B.P. Pineda | |

## I Lupong Tagapagpaganap

| | |
|---|---|
| Dr. Pablo E. Natividad | Direktor Heneral |
| G. Lamberto M. Gabriel | Tagapangulo |
| Dr. Pamfilo D. Catacataca | Pang. Tagapangulo |
| Dr. Ester B. Madriaga | Kagawad |
| Dr. Fructuosa C. Guamen | " |
| Gng. Isaura Vale | " |

## II Lupon sa Palatuntunan at Paanyaya

| | |
|---|---|
| Dr. Pamfilo D. Catacataca | Tagapangulo |
| Gng. Aurora E. Batnag | Kagawad |
| Gng. Isaura S. Vale | " |
| Dr. Leonora Guerrero | " |
| Gng Imelda B. Eusebio | " |
| Gng. Candelaria C. Acas | " |
| Dr. Liberty Tugaz | |

## III. Lupon sa Rehistrasyon

| | |
|---|---|
| Dr. Fructuosa C. Guamen | Tagapangulo |
| Dr. Ester B. Madriaga | |
| Dr. Leticia F. Dominguez | Kagawad |
| Gng. Olivia Dantes | " |
| Gng. Teresita Villamayor | " |
| Gng. Jesusita L. Opena | " |
| Gng. Lilia A. Diokno | " |

## IV Lupon sa Dokumentasyon at Kalihiman

| | |
|---|---|
| Dr. Paz M. Nicasio | Tagapangulo |
| Gng. Fiorina A. Liquicia | |
| Leonila J. Columbas | Kagawad |
| G. Rolando L. Lontok | " |
| Teresita B. Dimaano | " |
| Milagros A. Flores | " |
| Imelda B. Eusebio | " |
| Norman Llorendo | " |
| Lorna Wenceslao | " |

## V Lupon sa Akomodasyon

| | |
|---|---|
| G. Lamberto M. Gabriel | Tagapangulo |
| Dr. Pablo E. Natividad | |
| Gng. Santelita Cudiñe | |
| G. Isidro S. Caliles | |

## VI Mga Sosyal at Pagbabalaga sa mga Bagong Kasapi

| | |
|---|---|
| Bb. Lorenza Abellera | Tagapangulo |
| Rosario G. Quesada | Kagawad |
| Alejandro S. Cruz | " |
| Lilia N. Uy | " |
| Feliciano B. Aquino | " |

VII Kalatas-Balita at Publisidad

| | |
|---|---|
| Dr. Ruth E. Abarglo | Tagapangulo |
| Gng. Aurora E. Batnag | |

VIII Ebalwasyon at Resolusyon

| | |
|---|---|
| Dr. Fructuosa C. Guzman | Tagapangulo |
| G. Eulardo Lontok | Kagawad |
| G. Marcelino K. Delgado | " |
| Sabina J. Irel | " |

(Kalakip ng Memorandum Pangministri Blg. 20, s. 1987)

# PAGREREHISTRO

Pangalan ______________________________ Palayaw ______________
(Limbag) (Apelyido) (Una) (M.I.)

Paaralan/Kolehiyo/Unibersidad ______________________________

Katayuang Sibil ______________ Babae ______ Lalaki ______

Tungkulin ______________________________

Tanggapan ______________________________
(Sangay) (Rehiyon)

Pook na Kinaroroonan ng Tanggapan ______________________________

Petsa ng Kapanganakan ______________ Edad ______

Tirahan sa Lalawigan ______________________________

Metro Manila ______________________________

Bilang ng Taon sa Kasalukuyang Tungkulin ______________

______________________________
Lagda